

Ang COVID-19 at Pagbubuntis

Ang pahayag na ito ay nilikha ng COVID-19 Health Literacy Project at ang Harvard Health Publishing

Buntis ako. Paano ako maaapektuhan?

Mas malubha ba ang COVID-19 sa mga buntis? Mas madali ba akong mahawaan ng COVID-19 kung ako ay buntis?

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan pa ng mga siyentipiko kung mas madaling mahawaan ng COVID-19 ang mga taong buntis. Ang mga buntis ay may mas malaking panganib ng malulubhang sintomas na dulot ng mga virus na magkalapit sa COVID-19. Samakatuwid, ang mga buntis ay itinuturing at-risk na populasyon. Gayunpaman, inaasahan namin na ang karamihan sa mga buntis ay makakaranas lamang ng banayad na sipon o mga sintomas katulad ng trangkaso.

Kapag ako'y magkasakit ng COVID-19 habang buntis, magkakaroon ba ako ng mga komplikasyon sa pagbubuntis?

Hindi pa natin alam kung ang COVID-19 ay may mga masasamang epekto sa pagbubuntis. Ang pagkawala ng pagbubuntis ay na-obsorbahan sa mga kaso ng impeksyon sa iba pang mga coronaviruses (halimbawa, ang SARS). Ang mga matataas na lagnat sa unang trimester ng pagbubuntis ay maaari ring makapinsala sa sanggol.

Kung ako ay buntis at may COVID-19, maipapasa ba ang virus/impeksyon sa aking sanggol?

Sa kasalukuyan, wala pang ebidensya na ang COVID-19 ay naipapasa mula sa ina sa sanggol sa sinapupunan. Kapag ikaw ay may COVID-19, mag-iingat pagkatapos maipanganak ang iyong sanggol upang maiwasan ang impeksyon (katulad ng paghugas ng mga kamay).

Paano kong maprotektahan ang aking sarili laban sa COVID-19 kung ako ay buntis?

Ang mga patnubay na nakakatulong sa pag-iwas ng COVID-19 para sa mga buntis ay kapareho ng para sa pangkalahatang publiko. Ikonsulta sa mga [alitutunin ng CDC](#).

Mayroon bang sapat na mga doctor sa ospital na mag-aalaga sa akin at sa aking sanggol?

Opo. Sisiguraduhin ng ospital na ikaw at ang iyong sanggol ay ligtas at aalagaan.



Anong gagawin ko?

Paano ko ipagaan ang pagkabalisa na nararamdaman ko?

Ang panahong ito ay nakabababalan para sa karamihang tao, lalo na para sa mga buntis. Maraming mga [mapagkukunan](#) na nagmumungkahi ng mga paraan upang mabawasan ang pagkabalisa sa panahon na ito.

Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, dapat ko pa ba ipatuloy ang pagpunta sa mga antenatal appointment sa aking OB/GYN?

Mangyaring tawagin ang inyong OB/GYN para humingi ng kanilang mga rekomendasyon. Maaaring mag-iba ang mga payo ng inyong doktor bataysa mga [mapagkukunan](#), iyong kasaysayang medikal, at yugto ng pagbubuntis. Kung pupunta ka sa OB/GYN, iwasan ang pampublikong transportasyon at iwasan ang paghawak sa mga pang-ibabaw na madalas na hinahawakan ng iba. Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o ang hand sanitizer.



Dapat bang isaalang-alang ang kapanganakan sa bahay (home birth) upang maiwasan ang pagkakatad sa COVID-19 sa ospital?

Ang ospital ay maaaring maging isang nakakatakot na lugar sa panahon ng COVID-19. Gayunpaman, ang karamihan ng mga ospital ay mayroong mga protocol upang siguraduhin ang iyong kaligtasan at ang kaligtasan ng iyong sanggol. Ang mga kapanganakan sa bahay o home birth ay nagdadala ng malubhang panganib sa ina at sa anak. Mangyaring talakayin ang iyong mga alalahanin sa iyong OB / GYN.

Paano kung nais kong mabuntis sa mga susunod na buwan?

Kumunsulta sa iyong doktor, lalo na kung pinaghihinalaan mo na ikaw ay nahawaan o maaaring mahawahan ng COVID-19. Nararapat na antayin ang payo ng iyong doctor bago magbuntis.

Kung nais mong maiwasan ang pagbubuntis, kumunsulta sa iyong doktor upang matiyak na mayroon kang sapat na pagpipigil sa pagbubuntis (contraceptives o birth control). Kung pinaghihinalaan mo na ikaw o ang iyong partner ay nahawahan, tandaan na ang malapit na pakikipag-ugnay ay maaaring dagdagan ang panganib ng transmisyon ng coronavirus.

Petsa ng huling pagsusuri: 3/23/20